CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 12, 2020
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Isinalaysay ng Lungsod ang Framework para sa Pagkakasundo

Long Beach, CA - Ngayong linggo, inihayag ng Lungsod ng Long Beach ang mga plano para sa isang “Framework para sa Pagkakasundo sa Long Beach,” na nagkaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod. Kinilala ang pagkakaroon at ang matagal nang epekto ng sistematikong rasismo sa Long Beach at bansa, ang inisyatiba ay magbibigay ng isang framework para makisali ang publiko sa isang proseso ng pagkakasundo, pagsusuri sa panloob na proseso, at lokal na plano ng pagkilos.

“Ang sistematikong rasismo ay umiiral sa lahat ng mga pampublikong institusyon, at kasama ang Long Beach,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Kami ay may pagkakataon na makinig sa komunidad na nanghihingi ng pagbabago at aksyon sa mga solusyon upang matugunan ang mga kawalan ng hustisya sa lahi at katarungan para sa lahat.”

Ang Framework para sa Pagkakasundo sa Long Beach ay umiikot sa apat na pangunahing hakbang:

- **Pagkilala** sa pagkakaroon at matagal nang epekto ng sistematikong rasismo sa Long Beach at sa bansa.
- **ListeningPakikinig** sa mga account at karanasan ng kawalan ng katarungan sa lahi, hindi pagkakapantay-pantay, o pinsala sa mga miyembro ng komunidad.
- **Makipagpulong** kasama ang mga stakeholder upang masuri ang feedback mula sa proseso ng pakikinig at ma-hugis ang patakaran, badyet, charter at programmatic na ideya sa reporma.
- **Pag-catalyze** ng pagkilos, pagpresenta ng agarang, panandaliang, katamtaman, at pangmatagalang mga rekomendasyon para sa pagsasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod.

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Simula sa susunod na linggo, ang mga residente ng Long Beach ay magkakaroon ng pagkakataon na sumali sa isang serye ng mga pakikipagtulungan, mga istilong focus-groupo sa sesyon ng pakikinig upang makisali at magbigay ng ideya para sa paglikha ng makabuluhang pagbabago para sa lahat ng aspeto ng hindi pagkakapantay-pantay at kawalang-katarungan sa lahi. Higit sa 10 sesyon ang magaganap sa susunod na dalawang linggo na may nangungunan pamamahala ng Lungsod, na kumokonekta sa isang malawak na batayan ng magkakaibang mga stakeholder sa mga Itim na komunidad, pati na rin ang buong lungsod ng Long Beach.

Ang mga sesyon ay magsisimula Hunyo 18 at magpapatuloy hanggang Hulyo. Upang sundin ang mga order sa kalusugan ng Lungsod at mga hakbang sa pisikal na pagdistansy, ang mga sesyon ng pakikinig ay gaganapin virtual sa mga oras na ito.

Mga karagdagang detalye at impormasyon sa pagrehistro ay mahahanap sa website ng Opisina ng Pagkamakatao ng Lungsod ng Long Beach. Hinihikayat ang mga miyembro ng komunidad na makumplteo ang isang maikling sarbey online, at maaaring magsumit ng kanilang mga katanungan, ideya, at pagtatanong tungkol sa kung paano makisali sa pamamagitan ng pag-email: EquityLB@longbeach.gov. Lahat ng mga komento ay susuriin, isasaayos sa mga pampakay na lugar, at ibabahagi sa mga tagagawa ng mga patakaran at sa publiko.

Ang paunang mga paksa, petsa, at oras para sa sesyon sa pakikinig ay ang mga sumusunod:

Equity sa Lahi sa Buong Sistema (kabilang ang kalusugan, ekonomiya, edukasyon, atbp.)
Hunyo 18, 5:30 p.m. - 7 p.m.
Hunyo 30, 5:30 p.m. - 7 p.m.

Spectrum ng Kaligtasan ng Komunidad
Hulyo 2, 10 a.m. - 11:30 a.m.
Hunyo 24, 5:30 p.m. - 7 p.m.

Equity sa Kalusugan
Hunyo 25, 5:30 p.m. - 7 p.m.
Hulyo 2, 10 a.m. - 11:30 a.m.

Equity sa Lahi sa Pabahay at Kawalan ng Tahanan
Hunyo 26, 10 a.m. - 11:30 a.m.

Hulyo 1, 5:30 p.m. - 7 p.m.

Equity sa Ekonomiya
Hunyo 29, 10 a.m. - 11:30 a.m.
Hulyo 2, 5:30 p.m. - 7 p.m.

Pagkamakatao sa Edukasyon at Sebisyo sa Kabataan
Hunyo 29, 5:30 p.m. - 7 p.m.
Hulyo 3, 10 a.m. - 11:30 a.m.

Ang isang pangkat ng magkakibang tauhan mula sa iba't ibang kagawaran, na pinangungunahan ng Interim Deputy City Manager na si Teresa Chandler sa Opisina ng Manager ng Lungsod, ay makikipag-usap sa mga lokal na stakeholder upang suriin ang mga feedback at makakatulong sa mga paghugis ng patakaran, badyet at mga ideya sa reporma para sa pagsasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod upang maipatupad ang reporma sa istruktura sa Hulyo at Agosto.

"Naiintindihan namin na ang rasismo at trauma sa komunidad ay isang seriosong problema," sabi ng Manager ng Lungsod na si Tom Modica. "Ang sakit na nakikita natin mula sa aming komunidad ay totoo. Kailangan nito ng ilaw, kailangan itong talakayin, at kailangan nito ng aksyon. Ang oras ay ngayon."

Sa loob ng mga dekada sa Estados Unidos at Long Beach, isang kasaysayan ng mga hindi patas na batas at kasanayan, kasama ang diskriminasyon sa pag-hire, redlining at eksklusibong mga kasanayan sa zoning, at mababang pagpopondo sa mga paaralan at hindi sapat na pamumuhunan sa edukasyon, nagpalaki ng hindi pagkakapantay-pantay sa lahi sa kalusugan, kayamanan, at pagkakataon, at lumikha ng maraming hadlang para sa mga taong may kulay at residenteng mababa ang kita.

Sa Long Beach, ang COVID-19 pandemya ay nakaapekto sa komunidad ng Itim. Ang mga Itim na residente ay bumubuo ng 13% ng populasyon, gayunpaman bumubuo ng 23% ng mga pagkamatay dahil sa COVID-19. Ang mga Itim na residente ay naospital din para sa hika 9.4 beses nang masmadalas kaysa sa mga residenteng Puti. Ang polusyon sa hangin at diesel mula sa exhaust ng mga trak, barko, at tren ay nagdudulot ng matinding peligro sa kalusugan, at ang pabahay para sa mga Itim at mga residenteng may mababang kita ay karaniwang katabi ng mga may problemang paggamit ng mga lugar na ito.

Ang pag-aalis ng hindi pantay-pantay ng kita at kayamanan sa mga lahi ay mapapakinabanga ng mga pamilya, komunidad, at lokal at rehiyonal na ekonomiya. Ngayon, ang average na kita para sa mga manggagawang Puti sa Long Beach ay doble ng mga manggagawa na Latinx at mga isa't kalahati ng mga Itim, Asyano o Pacific Islander at iba pang mga komunidad na may kulay.

Ipinagmamalaki ng Long Beach ang pagiging isa sa pinaka magkakaibang mga lungsod sa bansa, at ang Lungsod ay nakatuon sa pagpapatupad ng pangitain ng komunidad sa pagtiyak na ang Long Beach ay patuloy na umunlad at magbigay ng higit na mga pagkakataon para sa lahat. Ang pamamahala ng lungsod ay sumailalim sa isang paglilipat sa kultura mula sa pagpapatupad ng mga nakahiwalay na programa sa pagkuha ng isang sistematikong at kolaboratibong pamamaraan sa pagtugon sa mga disparidad sa ekonomiya at kalusugan sa buong Long Beach.

Ang Lungsod ay nagsagwa ng mga mahahalagang hakbang patungo sa pag-abot ng mga hangaring ito, kabilang ang: pamumuhunan sa pagsasanay ng mga tauhan, pagtatag ng Opisina ng Pagkamakatao, pagiging miyembro ng Government Alliance on Race and Equity, at pagbuo ng isang Pagkamakataong na Toolkit. Gayunpaman, marami pa rin ang kailangang gawin upang komprehensibong ma-operasyonalize ang pagkamakatao sa loob sa pamamagitan ng lahat ng mga desisyon, patakaran, kasanayan, programa, at badyet ng Lungsod upang makatulong na matiyak na ang lahat ng mga indibidwal ay makatamo ng pinakamataas na antas ng kalusugan at potensyal para sa matagumpay na buhay, anuman ang kanilang background at pagkakakilanlan. Ang Lungsod ay nananatiling nakatuon sa pagpapalawak ng mga pagsisikap na ito upang wakasan ang sistematikong rasismo sa Long Beach.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa website ng Opisina ng Pagkamakatao ng Lungsod ng Long Beach.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach
Tahanan ng humigit-kumulang na 480,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, ang Port of Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang

ang Kalusugan, Parke, Recreation at Marine, Development Services at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 170 parke, milya ng mga beach, mga marina, landas ng bisikleta, at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa http://longbeach.gov/. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram, at YouTube.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###